



MGA PATAKARANG PAMPANGASIWAAN SA LUNGSOD NG HEMET: PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO NG TUBIG PARA SA MGA ACCOUNT NA PAMBAHAYANG SERBISYO

Paksa:

Ipinababatid ng patakarang ito sa mga pambahayang customer ng Lungsod ng Hemet ang tungkol sa kanilang mga karapatan at obligasyon hinggil sa kanilang mga account ng serbisyong pambahayan. Pangangasiwaan ng patakarang ito ang pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, paano maiiwasan ang pagputol ng supply ng tubig, paano iapela ang mga pagsingil, paano humiling ng kasunduan sa pagbabayad, mga karapatan ng mga customer, mga bayarin sa pagputol ng supply ng tubig at paano maging isang customer na kuwalipikado ang kita.

Layunin:

Sumusunod ang patakarang ito sa SB998 at Ordinansa ng Lungsod ng Hemet (Lungsod). Inilaan ang patakarang ito upang ipabatid sa aming mga customer kung paano gumagana ang aming proseso ng pagsingil at pagkolekta, paano maiiwasan ang pagkaputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad at kung paano iapela ang isang bayarin. Ipinaliliwanag nito kung paano maiiwasan ang paghinto ng serbisyo ng tubig ng mga customer na kuwalipikado ang kita na may mga pangangailangang medikal.

Proseso ng Pagsingil:

Nagpapadala ng bayarin sa serbisyong pambayan ang Lungsod ng Hemet nang buwanang. Ayon sa Municipal Code 1984 – 14205 Sec. 82-77, ang mga bayarin sa serbisyong pambayan ay nakatakda at dapat bayaran kapag ikinoreo ang mga bayarin sa may-ari ng ari-arian o ahente at magiging delinkuwente 15 araw pagkatapos niyon.

Proseso ng Pagkolekta:

Ayon sa SB998, magiging delinkuwente ang mga account na pambahayan nang 60 araw bago maputol ang account dahil sa hindi pagbabayad at makatatanggap ng abiso ng paghinto ng supply ng tubig nang hindi bababa sa 7 araw bago ang pagputol ng serbisyo.

Ayon sa SB998, isasama sa abiso ng paghinto ang takdang petsa, halaga ng bayaring lampas na sa taning, numero ng telepono ng Lungsod na matatawagan at impormasyon sa pag-iwas sa pagkaputol ng serbisyo.

Kung hindi magkapareho ang address sa koreo at address ng serbisyo, magkokoreo ng kasunod na abiso ang Lungsod sa "Naninirahan" upang ipabatid sa naninirahan ang posibleng pagkaputol ng serbisyo. Isasama sa abiso, ang pangalan ng may-ari ng account, halagang delinkuwente, takdang petsa at impormasyon upang maiiwasan ang pagkaputol ng serbisyo.

Kung hindi makontak ng Lungsod ang customer o ibinalik ang abiso ng paghinto ng serbisyo bilang hindi naihatid, maglalagay ng tag na pink ang Lungsod upang ipaalam sa naninirahan ang halagang delinkuwente, takdang petsa at impormasyon upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo.

Magkokoreo ng abiso ng paghinto ang Lungsod sa mga customer 15 araw ng negosyo bago ang pagkaputol ng serbisyo, 7 araw na mas higit kaysa sa iniuutos ng SB998. Magkakaroon ang customer ng bayaring \$31 kapag ginawa ang abiso ng paghinto at ang bayarin ay dapat bayaran kasama ang kanilang balanse na lampas na sa taning. Kung nabigong magbayad ang customer o hindi nakagawa ng pakikipagkasundo sa pagbabayad sa takdang petsa, puputulin ang mga serbisyo nang walang karagdagang abiso.

Proseso ng Pag-apela:

May karapatang umapela ang customer o ang isang nasa hustong gulang na residente sa bayarin at hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo hanggang matapos ang proseso ng pag-apela.

Maaaring iapela ng customer ang bayarin sa pagsulat sa loob ng 15 araw ng petsa ng pagsingil. Rerepasuhin at magpapasya ang Lungsod sa kahihinatnan ng apela at aabisuhan ang customer sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa pagkatanggap ng kahilingan.

Mga Customer na Kuwalipikado ang Kita na may mga Medikal na Pangangailangan:

Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay natugunan:

- Nagsusumite ang customer o nangungupahan ng customer ng sertipikasyon mula sa kanilang provider ng pangunahing pangangalaga na nagpapahayag na ang pagkaputol ng paghinto ng supply ng tubig ay nagbabanta sa buhay, o nagiging isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente.
- Nagbibigay ng patunay ang customer na kuwalipikado ang kanyang kita.
- Handang pumasok ang customer sa isang kasunduan ng pagbabayad.

Mga Pakikipagkasundo sa Pagbabayad/Pagpapalawig:

Maaaring humiling ang customer ng pakikipagkasundo sa pagbabayad o pagpapalawig ng pagbabayad kung siya ay isang customer na kuwalipikado ang kita na may mga medikal na pangangailangan. Kung hindi natugunan ng customer itong dalawang kinakailangan, maaari siyang humiling ng isang pagpapalawig ng pagbabayad kada taon.

Kung sumasang-ayon ang customer sa kasunduan/pagpapalawig ng pagbabayad, mag-aalok ang Lungsod ng pagpipilian na makatutulong sa customer na mabayaran ang kanyang balanse at mapanatili ang mga serbisyo. Aatasan ng kasunduan ang customer na bayaran ang napagkasunduan at ang kanyang mga bayarin sa hinaharap nang nasa oras upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo.

Kung nabigo ang customer na bayaran ang napagkasunduan, magpapaskil ng abiso ng paghinto ng serbisyo ang Lungsod 5 araw bago ang pagputol ng mga serbisyo at isasama ang \$31 na bayad sa abiso ng paghinto.

Kung nabigo ang customer na bayaran ang mga bayarin sa hinaharap, magkakaroon ang customer ng 60 araw upang magbayad bago putulin ang mga serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

Mga bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo:

Sisingilin ng Lungsod ng Hemet ng \$73.00 na bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo sa regular na oras ng negosyo at \$125 para sa muling pagkakabit ng serbisyo sa mga hindi regular na oras ng negosyo. Magiging limitado ang Lungsod ng Hemet sa paniningil ng \$50 na bayad sa muling pagkakabit ng serbisyo sa regular na oras ng negosyo sa mga customer na mababa ang kita. Maaaring i-adjust ng Lungsod ang mga bayaring ito ayon sa Consumer Price Index na magkakabisa sa 1/1/2021.

Kuwalipikado ang Kita:

Ang isang customer ay Kuwalipikado ang Kita kung siya ay mababa ang kita at magdadala ng mga dokumentong nagpapatunay na siya o isang miyembro ng kanilang sambahayan ay tumatanggap ng: CalWORKs, CalFresh, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children

Mga naninirahan:

Dapat ipabatid ng Lungsod ng Hemet sa mga naninirahan sa istrakturang pambahayan na maraming yunit 15 araw bago ang pagputol ng supply ng tubig. Magkakaroon ang customer ng bayad na \$31 para sa pag-abiso sa unang 3 naninirahan at pagkatapos ay \$7 para sa pag-abiso sa sinumang karagdagang naninirahan. Ipababatid sa mga naninirahan ang kanilang karapatang maging mga may-ari ng account. Kailangang sumang-ayon ang lahat ng naninirahan na maging may-ari ng account nang hindi kinakailangang magbayad sa delinkuwenteng balanse ng may-ari. Upang maiurong ang delinkuwenteng balanse ng may-ari, kailangang magbigay ng patunay ang naninirahan na naging may-ari ng account na ang delinkuwenteng balanse ay sa may-ari, tagapamahala o ahente ng tirahan.

Mga Ulat:

luulat at ia-update ng Lungsod ng Hemet ang bilang ng mga pagputol para sa taon. Makikita ang halagang ito sa website ng Lungsod at ia-update nang lingguhang.

luulat ng website ng Lungsod ng Hemet ang lahat ng pagputol na pambahayan at magkakaroon ng kopya ng patakarang ito.

Mangyaring makipag-ugnay sa 951-765-2350 para sa mga katanungan tungkol sa patakarang ito.